HALAW SA KATITIKAN NG IKA–96 PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG AGOSTO 19, 2024 DITO SA SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANG. PUNUMBAYAN/ NANGUNGULONG PINUNO;

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. de Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SB Member/SKF-President

HINDI DUMALO: Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President; (Nasa opisyal na lakad)

**KAPASIYAHAN BLG. 488-2024**

**KAPASIYAHAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI NA HILINGIN KAY KGG. ARRANTLEE R. ARROYO PUNUMBAYAN NG BAYAN NG CAVINTI NA MATULUNGAN NA MAIHANAP AT MABIGYAN NG MAS ANGKOP NA ISANG LAGAY NA LUPA UPANG MAPAGLAGAKAN NG MGA SILID ARALAN AT IBA PANG PASILIDAD PANG-EDUKASYON ANG LUMOT NATIONAL HIGH SCHOOL.**

**Author: HON. ROMEL J. VILLANUEVA,** SB Member
*Chairman, Committee on Education, Ordinance and Legal Matters*

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 1, Artikulo XIV ng Konstitusyon ng Pilipinas ng 1987 na, "**Dapat pangalagaan at itaguyod ng Estado ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo ng lahat ng gayong edukasyon**";

**SAPAGKAT,** sa pag-usad ng panahon at sa patuloy na pag-unlad ng Bayan ng Cavinti maging ang populasyon o bilang ng mga mag-aaral ay sadyang dumarami kaya sa pamamagitan ng bago at malawak pang *school site* para sa Mataas na Paaralan ng Lumot ay mas higit na maiihatid sa kanila ang sapat at de-kalidad na edukasyon;

**SAPAGKAT**, isinasaad din ng Arikulo XIV Seksyon 5(1)(4), dapat na isakatuparan ng estado ang mga pangangailangan at kalagayan pangrehiyon at pangsektor at hikayatin ang lokal na pagpaplano sa pagbubuo ng mga patakaran at programang pang-edukasyon. Dagdag pa rito, na dapat gawing pangunahing



NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

MILBERT L. OLIVEROS
Presiding Officer/ Vice Mayor

OFFICE OF THE MAYOR
CAVINTI, LAGUNA
RECEIVED
BY: REGINE CARLA R. MEJILLA
DATE 02 SEP 2024 TIME 3:41

priyoridad ng estado ang pagtatabi ng kaukulang badyet para sa edukasyon at tiyakin na ang edukasyon ay pantay na nakakaakit at nagpapanatili ng pinakamahusay ng mga taon sa pamamagitan ng sapat na kabayaran at iba pang mga pasilidad sa katuparan ng pagganap ng paaralan;

**SAPAGKAT**, ayon sa mga tala na ang kasalukuyang kinatatayuan ng Mataas na Paaralan ng Lumot ay nasa pangangalaga ng *National Power Corporation* at / o sakop pa ng *Water Shed* at bahagi ng isang *Dam* kung kaya't ito rin ang nagiging hadlang upang mabigyan ng sapat na donasyon ng lupang kinatatayuan ng Pamahalaang Bayan;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Bayan ng Cavinti at ang Dep Ed Cavinti *Sub-Station* ay magkatuwang sa pagsisikap upang lalong umunlad ang sistema ng pampublikong paaralan, protektahan ang interes ng publiko sa Edukasyon, at iangat ang kalidad ng Edukasyon para sa mamamayan at mga mag-aaral;

**SAPAGKAT,** ang paghahandog ng panibagong lupa upang pagtayuan ng panibagong Paaralang pang-Sekondarya at pag-ukulan ng karampatang pondo sa pagtatatag nito ay siyang mas higit at lubos na magdudulot ng malaking kaginhawan, kaligtasan sa pag-aaral ng mga mag-aaral;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, matapos ang isang Malaya at masinsinang talakayan sa mungkahi ni KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, Miyembro ng Sangguniang Bayan at Tagapangulo ng Komite ng Edukasyon at buong pusong sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng ginagawang PAGPAPASIYA ng KGG. SANGGUNIANG BAYAN na hilingin kay KGG. ARRANTLEE R. ARROYO, Punumbayan ng Cavinti na **MATULUNGAN NA MAIHANAP AT MABIGYAN NG MAS ANGKOP NG ISANG LAGAY NA LUPA UPANG MAPAGLAGAKAN NG MGA SILID ARALAN AT IBA PANG PASILIDAD PANG-EDUKASYON ANG LUMOT NATIONAL HIGH SCHOOL.**

**IPINASIYA PA RIN** , na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Punumbayan Kgg. Arrantlee R. Arroyo, Cavinti Municpal Hall, Tanggapan ng District Supervisor at G. Armin Cabrales, Public School District Supervisor, Cavinti sub-Station Office, Dep Ed Laguna Provincial Office Capitol Compound Sta. Cruz, Laguna, Tanggapan ng Punong Guro, Gng. Milagros Puon, G. Marlon I. Esguerra, Cavinti Municipal Assessor, Inh. Ariel De Leon ng Municpal Planning Development Coordinantor maging ang Tanggapan ng Punong Barangay ng Lumot/Mahipon para sa kanilang maagap na kaalaman, gabay, tala at sa mabilis na pagtugon sa kahilingang ito.

**PINAGTIBAY.**

**NITZSHELL TORRES DELA TORRE**
**Secretary to the Sangguniang Bayan**



**MILBERT L. OLIVEROS**
**Presiding Officer/ Vice Mayor**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-96 Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika- 19 ng Agosto 2024.

NITZSHELL TORRES – DELA TORRE
Kalihim ng Sanggunian Bayan

**MAY KINALAMAN:**

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**PANGALAWANG PUNUMBAYAN/**
**NANGULONG PINUNO**